



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-31 ng Hulyo, 2024

## KAILANGAN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA PRESIDENSYAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay nangangailangan ng mga manggagawa sa botohan para sa [Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre](#), lalo na para sa mga bilingguwal sa alinman sa sampung mga espesipikong wika.

Iniaatas ng pederal na batas na magkaloob ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga nagsasalita na bilingguwal at mga materyales sa pagboto sa mga botante na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Ipinapakita ng mga kinakailangan ng Estado at County na mayroong pangangailangan sa mga nagsasalita ng Arabic, Japanese, Korean, Laotian, Somali at Persian (Farsi at Dari) sa mga piling sentro ng botohan sa county, samakatuwid ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagre-recruit din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wika na iyon.

Ang mga manggagawa sa botohan ay mayroong ginagampanan na mahalagang tungkulin sa mga eleksyon at maaaring tumanggap ng pang-araw-araw na suweldo habang pinaglilingkuran ang kanilang komunidad.

Sa ilalim ng [Voter's Choice Act](#), pinalitan ng mga sentro ng botohan ang mga tradisyonal na lugar ng botohan. Ang mga sentro ng botohan ay bukas sa buong county para sa pinahabang oras bago ang Araw ng Eleksyon. Sa halip na isang araw lamang ng serbisyo, ngayon, ang mga manggagawa sa botohan ay kailangan nang tumao sa mga sentro ng botohan ng hanggang sa 11 araw sa dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

Ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng suweldo na \$145 para sa bawat araw ng serbisyo sa isang sentro ng botohan sa pagitan ng Ika-26 ng Oktubre at Ika-4 ng Nobyembre. Sa Araw ng Eleksyon, Ika-5 ng Nobyembre, ang mga manggagawa sa eleksyon ay makakatanggap ng suweldo na \$240 dahil sa mga pinahabang oras. Ang mga itinalagang bilingguwal na mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng karagdagang \$5 para sa bawat araw ng serbisyo sa sentro ng botohan na may kasamang dagdag na \$10 sa Araw ng Eleksyon.



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-31 ng Hulyo, 2024

Mayroong partikular na pangangailangan para sa mga manggagawa sa botohan na tumao sa mga sentro ng botohan na matatagpuan sa Borrego Springs, Warner Springs, Boulevard, Descanso, Potrero, Campo, Pine Valley, Valley Center at Pala.

Kasama sa mga responsibilidad ang:

- Pagbigay ng mahusay na serbisyo sa kustomer
- Pagtulong sa mga botante
- Pagpasa ng mga papeles para sa suweldo
- Pagdalo sa dalawang-araw na bayad na pagsasanay ng manggagawa sa botohan (\$95 na pang-araw-araw na suweldo)
- Pagbukas/pagsara ng sentro ng botohan
- Pagsagot ng mga katanungan ng mga botante

Ang mga aplikante ay dapat hindi bababa sa 18 taong gulang, isang U.S. citizen at nakarehistro upang makaboto sa California, o legal na tinanggap na permanenteng residente ng United States. Ang mga aplikante ay dapat ding may sariling transportasyon papunta sa kanilang nakatalagang sentro ng botohan.

Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga tao na team player, nagpapakita ng malakas na pamumuno at mga kasanayan sa serbisyo sa kustomer, at nagpapakita ng kakayahang umangkop, pasensiya at ang pinakamataas na lebel ng integridad sa lahat ng oras. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat i-representa ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, at walang partidong pamamaraan.

Ang mga aplikasyon ay makukuha sa [sdvote.com](https://sdvote.com). Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa [pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:pollworker@sdcounty.ca.gov).

###

COUNTYNEWSCENTER   

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101